# dalumat

MULTIKULTURAL AT MULTIDISIPLINARYONG E-JOURNAL SA ARALING FILIPINO
Isyu 2021 Tomo 7 Blg. 2 ISSN 2094-4187

MULA SA EDITOR

MGA ARTIKULO

Mga Gunita sa Aking Paglalakbay (2014-2018): Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Timog Silangang Asya at Europa
*Axle Christien Tugano*

Ang Dad-at Bilang Interseksyon at Repleksyon ng Wika at Kultura ng mga Kankanaey ng Benguet
*Mitche A. Aglasi*

Kasaysayang Pangnumero ng Pilipinas: Kritika sa Artikulong "Mathematical Ideas in Philippine Society" ni Ricardo L. Manapat
*Ian Mark P. Nibalvos*

Ang Tradisyonal na Pamamaraan ng Panggagamot sa Pagbilao, Quezon at ang Kontekstuwalisasyon nito sa Sikolohiyang Pilipino
*Reynele Bren Zafra, PhD*

Pagbusisi sa Ibang Lente ng Kamera: Ang Pagsusuri sa "Fan Girl" ni Antoinette Jadaone bilang Pelikulang Pampolitika
*Jessica May S. Reyes*

DALUMAT
E-JOURNAL

# MGA GUNITA SA AKING PAGLALAKBAY (2014-2018): NARATIBO NG *OVERSEAS FILIPINO WORKERS* SA TIMOG SILANGANG ASYA AT EUROPA

*Memories of my Journey (2014-2018): Naratives of Overseas Filipino Workers in Southeast Asia and Europe*

**Axle Christien Tugano**
*University of the Philippines Los Baños*
*ajtugano1@up.edu.ph*

**Abstrak**

Layunin ng pag-aaral na ito na muling maitampok ang naratibo ng ilang mga migranteng manggagawang Pilipino sa ibayong dagat na personal na nakadaupang-palad at nakapanayam ng mananaliksik. Tunay na hindi lipos ang mga babasahin tungkol sa kanila kung kaya't aambagan ng pag-aaral na ito ang ganoong puwang. Sa usapin ng metodolohiyang ginamit, bagama't tila isang *memoir* ng paglalakbay ang katangian ng paglalahad, isinaalang-alang ng may-akda na maisaakademiko ang naratibong kanyang nakalap sa pamamagitan ng pagsangguni sa ibang mga babasahin at ilang datos na sususog sa mga nakalap na kaalaman. Ang naging paglalakbay ng may-akda sa ibayong dagat ay naghawan para sa kanya ng landas upang taluntunin ang kasaysayan ng mga migranteng Pilipino at upang ugatin ang mga organikong kulturang nananalaytay sa kanila.

Sumentro ang pag-aaral na ito sa Timog Silangang Asya, partikular sa Malaysia (2014), Singapore (2014), Cambodia (2017), at Brunei Darussalam (2016) at sa Europa na mayroong pagtuon sa España (2018). Kung tutuusin, liban sa *Araling Diaspora*, aambagan din nito ang sektoral na pag-aaral sa *Araling Kababaihan* sapagkat halos lahat ng nakuhang testimonya ay mula sa kanilang hanay, maliban na lamang sa kaso ng Brunei Darussalam.

Samu't saring resulta ang umusbong sa pag-aaral na ito. Kalupitan at pakikibaka ang kadalasang lumabas sa kaso ng mga manggagawa sa Malaysia; pag-angkop sa mga espasyong Pilipino sa Singapore; pagpapakilala ng Pilipinong kultura at identidad sa Cambodia; migrasyon dulot ng oportunidad at hamon ng transnasyonalismo ang sa España; at pag-angkop ng piling kalalakihang manggagawa sa kaso naman ng Brunei. Sa isang banda, maaaring hindi na bago ang mga ganitong naratibo ngunit sa kabilang banda, naniniwala ang may-akda na hindi dapat tinutuldukan sa isang panahon lamang ang kwento ng pakikibaka at pagsasakripisyo ng mga migranteng manggagawa.

**Mga susing salita:** paglalakbay, migranteng manggagawa, ibayong dagat, gunita, naratibo

***Abstract***

*The article intends to present untold narratives from Filipino overseas migrant workers that the author personally encountered and interviewed. Literature that primarily focuses on their quotidian lives is rarely discussed and written. The author used travel memoir as a primary method to describe his journey reflections while not neglecting academic inquiry relying on existing works of literature (secondary sources) to validate his observations. The author gathered significant pathways from his travels to engage in a historical search on the distinct and diversified cultures formed and transformed by Filipino overseas migrant workers.*

*The scope and limitations of this paper are centered on Filipinos dwelling in particular countries in the Southeast Asian region as follows: Malaysia (2014), Singapore (2014), Cambodia (2017), Brunei Darussalam (2016), and Europe - solely focused on Spain (2018). This paper intends to contribute to the flourishing discipline of Diaspora Studies. Furthermore, it strives to offer significant literature on a particular sectoral field, Women's Studies. The paper also produced testimonial narratives that describe the intersectionality of Filipino women as migrant workers, except for the case of workers in Brunei Darussalam.*

*The author has ascertained a multitude of insights, realizations, and overlying themes. For instance, Filipino overseas migrant workers in Malaysia experienced common themes of violence and struggles; determining Filipino spaces in Singapore; establishing Filipino identity and culture in Cambodia; realized opportunities and challenges from the phenomenon of transnationalism of some migrant workers in Spain; and coping mechanisms of some male migrant workers in Brunei. On the one hand, such writings may not be considered groundbreaking work on the creation of academic narratives. On the other hand, the author contends such themes of opportunities, struggles, and sacrifices of Filipino migrant workers narratives are diachronic - continuous through time.*

***Key words:*** *travel, overseas workers, abroad, memory, narrative*

## Gunita ng Aking Paglalakbay: Isang Panimula

Mula 2013 hanggang 2020, bago pahirapan ng pandemiyang COVID-19 ang buong mundo, malaya akong nakapaglalakbay sa ibayong dagat. Bumibilang ako ng mga karanasan mula sa aking paglalakbay sa dalawampu't limang bansa sa Asya, Europa, at Australya-Pasipiko. Mula sa pakikinig sa mga naratibo ng mga taong nakakausap at nakakadaupang-palad sa paglalakbay hanggang sa pag-oobserba sa lahat ng mga nakikita, napapansin, naaaninag, nadadaanan, at pagtikim sa mga pagkain, naitala ko nang mabuti ang aking mga natatanging karanasan. Isa sa mga tampok na karanasan ng aking paglalakbay ang engkuwentro sa ilang mga migranteng manggagawang Pilipino sa iba't ibang bansang aking narating sa Asya (Singapore, Malaysia, Cambodia, at Brunei Darussalam) at Europa (España). Bagama't sa iba pang mga narating ko katulad ng Nepal, Bangladesh, at Myanmar – mga bansang para sa akin ay hindi gaanong puntahan ng mga turistang Pilipino, noong nalalaman ng mga taga-roon na isa akong Pilipino, sinasabi nilang *"May mga Pilipinong manggagawa rito."* Gayumpaman, hindi ako nagkaroon ng pagkakataong makilala sila.

Ang ganitong pagtatagpo ng isang manlalakbay at kapwa-Pilipino sa ibayong dagat ay isang halimbawa ng pagbabahaginan ng mga karanasan. Ayon sa teologo na si Jose de Mesa (2017), korelatibo ang relasyon ng *danas ng sarili* at *danas ng kapwa.* Kapupulutan ng aral ang mga naging karanasan ng iba o di kaya'y sila ang matututo sa iyong mga naging karanasan. Umiiral ang ganitong ugnayan ng karanasan kung

dumarating ang pagkakataon na tila bagang sumasalamin o mayroong pagkakahalintulad ang kanilang karanasan sa sarili nating mga karanasan (de Mesa 2017). Nagmula ako sa angkan (paternal at maternal) ng mga migranteng manggagawa kung kaya't ramdam ko ang danas ng mga manggagawang aking nakasalumuha sa ibayong dagat. Mayroong talab ang sariling karanasan sa dinanas ng ibang tao lalo pa't kung maipapaabot natin sa kanila ang naging bunga ng ating mga karanasan.

Ganito ang naging daloy ng aking pakikipag-usap sa ilang mga manggagawa sa ibayong dagat. Natuto ako sa kanilang mga karanasan. Kaya't bilang balik, itinampok ko sa pag-aaral na ito ang kanilang mga natatanging karanasan – na maaaring sumasalamin sa iba pang mga manggagawang Pilipinong naroon sa dayuhang bansang kanilang pinaglilingkuran.

## Ang mga Pilipino sa Pandaigdigang Diaspora

Laganap ang mga Pilipino sa iba't ibang panig ng mundo. Sa katunayan, nabanggit ni Renato Perdon (2014) na *globe-trotting people* ang mga Pilipino. Ibig sabihin, kahit saang lupalop tayo ng mundo magpunta o naroroon, makakakita tayo ng mga kapwa Pilipino. Maging sa mga paglalakbay sa ibayong dagat, makakarinig tayo ng mga pantawag mula sa kanila katulad ng *kabayan*/*kababayan, kapatid, kabansa, kabaro,* at marami pang iba. Tinatayang bago pa man tayo sumailalim sa kapangyarihan ng mga kolonisador ay marami nang mga Pilipino ang nakakarating sa iba't ibang bahagi ng mundo.[1]

Sa pagdaan ng panahon, naging tipikal na ang pag-alis/paglipat ng mga Pilipino sa ibayong dagat upang magtrabaho o di kaya'y maging kabahagi ng pagpapaunlad sa ekonomiya ng bansang pinuntahan. Kinalaunan, naging bahagi na rin ng paksa sa mga pag-aaral ang pag-alis/paglipat ng mga Pilipino. Mas nakilala ito bilang *diaspora.* Bagama't hindi orihinal na nagmula sa konseptong Pilipino ang *diaspora,* inangkin na rin ito bilang panukoy sa malawakang paglilipat ng isang indibidwal/grupo ng mga tao mula sa isang lugar tungo sa isa pa dulot ng iba't ibang kadahilanan at layunin. Hindi pa kilala ang terminong ito nitong mga huling tatlong dekada (Hu-DeHart 2015). Ibig sabihin, isa itong nilinang na konsepto mula sa dalumat ng ibang bayan. Eksklusibo ang termino para sa identidad ng mga Hudyong pinalayas sa lupain ng Israel (Safran 2005)[2] at sa mga Griyegong kinastigo ng mga Ottoman hanggang sa pagbagsak ng Constantinople o Byzantine na nagdala rin ng suliraning kultural at pang-identidad sa hinaharap (Sevcenko 1961; Abrahamse 2012). Gayumpaman, patuloy na itong inako ng iba pang kultura kabilang na ang mga Pilipino bilang proseso ng dispersiyon upang maghanap ng kaginhawaan sa labas at harapin ang hamon ng globalisasyon partikular na ang tumitinding kalagayan ng kapitalismo (Banerjee 2012).

Sa pagkakataong ito, ang salitang *diaspora* ay hindi na nakaugat pa sa usaping kultural, teritoryal, at iba pa, katulad ng mga Hudyo at Griyego, bagkus isa na itong kontemporanyong kontekstong maaaring ilapat sa usaping ekonomiko. Sa pagbabagong ito, umangkop ang lipunan ng mga Pilipino sa ganitong kalakaran ng daigdig. Sa madaling sabi, pumalaot ang pagsasakonsepto ng *Araling Diaspora* para sa ating mga Pilipino sa usaping ekonomiko at posibleng pagtrato sa identidad (*i.e.* transnasyonalismo).

## Diskurso ng Paghahanapbuhay

Hindi na bago ang paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat upang makapagtrabaho. Una na itong ginawa ng mga taga-lalawigan lalo na ang mga Antiqueño at Negrense na ipinadala sa ibayong dagat noong 19 na dantaon. Bagama't malaki ang naging impluwensiya rito ng mandato ng Amerikanong kolonisador, umayon naman sa ganitong sistema ang mga Pilipino. Sa kanilang pagbabalik sa sariling bayan, dala na nila ang kaginhawaang para sa sarili/iba. Hindi naglaon, sinuong na rin ng iba pang mga Pilipino ang paghahanapbuhay sa malalayong

bayan. Ang mga Ilokano halimbawa ay nagtungo sa Hawai'i upang magtrabaho sa mga plantasyon ng pinya at asukal (Tigno 1986). Dahil nakaugat sa *kaginhawaan* ang paggawa ng mga Pilipino kung kaya't tinawag sila bilang mga *makabagong mangangayaw*.[3] Sa Kasaysayan, likas sa mga katutubong Pilipino ang magtungo sa ibang isla bilang *mangangayaw* upang matustusan ang pangangailangan ng bayan at pamilya. Halimbawa, ang mga Bisaya ay nagtutungo sa dagat ng Masbate upang mangisda. Nakaugat ang konsepto ng *pangangayaw* sa pagbibigay ng ginhawa ng mga Pilipino sa kanyang bayan (Salazar 2018). Kung kaya't ang mga *mangangayaw* ay binansagan ng mga Español bilang mga *sacada* na nakaugat sa salitang Kastila na *sacar* o para kumuha/para kunin/*to take*. Talamak ang mga *sacada* sa Antique. Primaryang pinagmumulan ng mga manggagawang Pilipinong *sacada* ang lalawigang ito (Cruz-Lucero 2006).[4] Bihira lamang ang pagpunta ng mga Antiqueño sa isla ng Negros sa kadahilanang *seasonal* ang pagtatanim ng tubo. Sa ganang ito, kung ang isla ng Negros ay tinawag na *Sugar Bowl,* ang Antique naman ay *Sacada Capital of the Philippines.*

Ang mga *Overseas Filipino Workers* (OFW), bilang mga bagong bayani at *makabagong mangangayaw* ay kumatig sa diwa ng *diaspora* dahil sa pangako ng kaginhawaan para sa kanilang pamilya at bayan. Kung tutuusin, haligi ng ekonomiya ang mga OFW dahil sa kanilang ginagawang pagtugon/paghalili sa mga kakulangan ng bansa (Bansig at Marco 2015). Tinatayang nasa sampung milyon na ang mga Pilipinong nasa ibayong dagat – kung saan maaari nang itanghal ang Pilipinas bilang isa sa mga bansang (kasama ang Mexico) may pinakamalaking bahagdan ng mga manggagawa pinapaalis patungo sa ibang bansa (San Juan 2009). Sa talaang inilabas ng *Survey on Overseas Filipinos* noong 2020*,* tinatayang nasa 2.2 milyong OFW ang naghahanapbuhay sa iba't ibang bahagi ng mundo noong 2019 (PSA 2020). Bago lumaganap ang COVID-19, pumapalo sa 30 Bilyong Dolyar (USD) o 1.56 Trilyong Piso (PHP) noong 2019 ang ipinasok na pera ng mga OFW sa ating bansa (Fernandez et al. 2020). Haligi ng ekonomiyang Pilipino ang mga OFW dahil sa ipinapadala nilang *remittances* lalo na noong mga dekada 1980 hanggang 1990 upang sagipin ang bumababang daloy ng ekonomiya (Advincula-Lopez 2005). Gayumpaman, kasama sila sa mga sektor na lubhang naging apektado ng pandemya. Halos 639,000 sa kanila ang nawalan ng trabaho, pinauwi, at umuwi sa Pilipinas (SOTP 2021). Gayumpaman, malinaw ang dahilan ng pandarayuhan ng mga Pilipino. Ito ay nakaugat sa magandang trabaho, malaking pasahod, at makataong benepisyo na hindi nila kadalasang natatamasa sa Pilipinas.

Naging mabilis ang pagyakap ng mga kasalukuyang manggagawang Pilipino sa pagtatrabaho sa ibayong dagat. Marahil ito na rin ang idinikta ng sektor ng pamahalaan na maging kapalaran ng mga Pilipino. Ayon kay Noel Christian Moratilla (2018), ang nagiging diskusyon ng kasalukuyang estado ay umiinog lamang sa kung paano ipapadala sa ibayong dagat ang mga potensiyal na manggagawang Pilipino para sa pagyabong ng sariling ekonomiya. Unang nahikayat ang mga Pilipino na suungin ang pagtatrabaho sa ibang bansa noong mga unang bahagi ng dekada '70 dahil sa paglago ng industriya ng langis at gas sa Gitnang Silangan partikular sa Saudi Arabia (Tigno 1986; de Guzman 1993; Talampas 1999; Pasadilla 2011; Ybiernas 2015; Yu 2015). Ngunit naging talamak ang pagtatrabaho ng mga Pilipino sa mga kalapit-bayan nito nang umusbong ang ekonomiya ng mga tinaguriang "Tigre sa Silangang Asya" at ilang mauunlad na bansa sa rehiyon ng ASEAN (Ybiernas 2015). Hanggang sa ngayon, tila isang pangako at pamantayan ang makapunta sa ibayong dagat upang makakuha ng *kaginhawaan*. Nabuo ang samu't saring penomena – *American Dream, European Dream* na noo'y isang *Manila Dream* lamang (lalo na sa mga probinsyanong naghahangad ng pangarap na kaginhawaan sa Maynila).

**Identidad ng Kababaihang Manggagawa**

Higit pa sa pagtatrabaho sa loob ng tahanan ang ginampanang papel ng kababaihan sa kasaysayan. Minsan pa, nagkaroon ng malaking bahagi ang mga babae sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa at ekonomiya ng Pilipinas. Sa pagsapit ng 19 na dantaon, nagkaroon ng iba't ibang trabaho ang kababaihan katulad ng pananahi, paggawa ng sigarilyo, pagtitinda, pagtuturo, at marami pang iba (Camagay 1995; Owen 2000; Tugano 2017). Mababakas ang transisyon ng kanilang ginagampanan sa ekonomiya pagpasok ng 20 hanggang 21 na dantaon. Sinuong na rin nila ang paghahanapbuhay sa ibayong dagat. Sinimulang pahintulutan ng pamahalaan na makalabas ng Pilipinas ang kababaihan upang maghanapbuhay noong dekada '80 (Encinas-Franco 2016).[5] Karamihan sa kanila ay magiging *domestic helper* at *caregiver* sa mga susunod na dekada. Samantala, ang iba naman ay pinasok na rin ang industriya ng pagbibigay ng aliw lalo na sa Japan (Kikuchi 1999).

Noong una'y laging naiiwan sa Pilipinas ang mga babae sa tuwing magtatrabaho ang kanilang asawa sa ibayong dagat. Ngunit, kailangan ding maitampok ang paggigiit sa hanay ng kababaihan sa huling bahagi ng 20 na dantaon. Tila naging matriyarkal na ang pagtatrabaho ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Sa pagkakataong ito, kadalasang mga babae na ang umaalis upang magtrabaho sa ibang bansa, at ang kanilang asawa ang naiiwan (Pe-Pua 2015). Kung kaya't nagiging dahilan ito kung minsan ng pagkawala o di kaya'y pagkabawas sa pagkalalaki ng mga lalaki na nagdadala sa kanyang pagiging *virile partner.*[6] Sa madaling salita, tila nagiging egalitaryan na ang antas ng lipunan pagdating sa mga manggagawang kababaihan at kalalakihan.

Sa kabila ng pagiging *globe-trotting people* ng mga manggagawa, paano kaya nalinang ang ating identidad sa perspektiba ng iba o tagalabas? Sa positibong tugon, nagkakaroon tayo ng markadong identidad sa ibang bansa lalo na sa hanay ng kababaihan. Sa mga bansang matatagpuan sa Silangang Asya at Hilagang Amerika, markado ang ating kababaihan bilang mga nars o *caregiver* dahil sa kanilang husay sa pag-aalaga (Lukasiewicz 2011). Sa kabilang banda, mas malaki pa rin ang bahagdan na ang imahe ng mga Pilipinang manggagawa ay nasasadlak sa negatibong impresiyon. Marami sa mga mapanghamak at mapanlahat (*stereotype*) na pagbabansag sa mga manggagawang Pilipina ay nagsilabasan nito lamang nakaraang mga taon. Tahasan silang binabansagan (*social media* o pahayagan) bilang mga katulong, tsimay, *domestic helper*, at marami pang iba.

Ang identidad ng mga Pilipina ay nilikha ng tagalabas at sinumang nagpapalagay na sila'y mga superyor. Lumabas sa isang teksbuk halimbawa na ginagamit sa paaralan sa Hong Kong, at maging sa kanilang pagsusulit, ang mapanlahat na imahe sa mga Pilipina bilang domestic helper o katulong (Cayabyab 2014).[7] Kung tutuusin, hindi na bago ang ganitong balita dahil una nang niyurakan ng "respetadong" talasalitaan ng *Oxford* ang imahe ng kababaihang manggagawang Pilipino sa ibayong dagat bilang *katulong* noong 1988. Naganap ito sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Corazon Aquino. Umani ito ng galit at batikos mula sa mga Pilipino (Callo 1988; Hennebry et al. 2017). Iginiit ng mga Pilipino lalo na ng kababaihan, na magsagawa si Aquino ng isang protesta o pagpalag kontra sa mga rasistang pagbabansag at tawag bilang mga katulong sa manggagawang kababaihan ng Pilipinas.[8]

Hanggang sa ngayon, patuloy na iginigiit ng kababaihang manggagawa ang kanilang identidad sa ibayong dagat. Matutunghayan kung gayon sa bahaging ito ang kalagayan o imahe ng mga piling manggagawang Pilipina sa ibayong dagat na aking personal na nakasama at nakapanayam. Sa aking mga paglalakbay sa Timog Silangang Asya, tatlong babae ang nagpaunlak na ibahagi ang kanilang karanasan sa ibayong dagat. Sila ay nagmula sa Malaysia (2014), Singapore (2014), at Cambodia (2017). Noon namang 2018, nabigyan ako muli ng

pagkakataon na makausap ang isang migranteng Pilipina sa Madrid, Spain kung saan ilang araw din akong tumuloy sa kanilang tahanan.

**Kuala Lumpur, Malaysia (2014)**

Isa sa mga paboritong puntahan at pagtrabahuhan ng mga manggagawang mula sa Pilipinas ay ang Malaysia dahil sa malapit na ugnayang kultural ng dalawang bansa (Moratilla 2015). Sa katunayan, ang bansang Malaysia rin ang tumatanggap ng pinakamalaking bilang ng mga migranteng mula sa buong Asya (Ybiernas 2015; Miles et al. 2019). Kung tutuusin, halos papausbong pa lamang na bansa ang Malaysia noong dekada 1980 kung kailan bumulusok pataas ang antas ng kanilang turismo (Chheang 2013) at kasabay nito ang matinding pangangailangan sa lakas-paggawa dulot ng kanilang papausbong na ekonomiya. Kung kaya't isa ang mga Pilipino (kasama ang mga Indones) sa mga nagsipagtrabaho sa Malaysia (Ybiernas 2015). Mapapansin na ang karamihan sa mga trabaho ng mga Pilipino, lalo na ng kababaihan sa Malaysia ay tagalinis, tagapag-alaga (*nanny*), at serbidora sa mga restawran at *hotel*. May ilan ding mga Pilipina ang nagiging biktima ng *human trafficking* sa Malaysia kung saan pinangakuan sila ng disenteng trabaho ngunit pagdating doon ay nakaranas sila ng mga kalaswaan at samu't saring pang-aabusong pisikal at emosyonal (Hilsdon at Giridharan 2008).

Narating ko ang Malaysia noong Nobyembre 2014. Sa taong iyon, ika-apat ang Malaysia sa bansang maraming mga Pilipino – pumalo ng 620,043 (DFA 2015). Noong narating ko ang Malaysia, mula sa kabuuang bilang, dumagdag pa ang 7,656 na mga babaeng manggagawa at 7,888 na mga lalaking manggagawa. Mas marami ang kalalakihan sa Malaysia. Ngunit sa pandaigdigang antas noong 2014, binubuo ng 1,170,000 ang mga babaeng manggagawa samantalang 1,149,000 lamang ang kalalakihan (PSA 2015). Isang magandang pagkakataon na makausap ang dalawang OFW dito – sina Rodelia Tapales at alias Pinay K.L. (kumpidensiyal at bilang proteksyon sa kanyang identidad). Mababakas sa kanilang mga testimonyo ang hirap at dagok na kanilang kinaharap nang sila ay magtungo sa Malaysia. Sa kaso ni Rodelia Tapales, matagal na siyang manggagawa sa Malaysia. Tipikal ang dahilan ng kanyang pangingibayong dagat. Nakaugat ito sa kinabukasan ng kanilang mga anak at mababang kalidad ng trabaho sa Pilipinas. Sa kabila nito, naipaliwanag niya na buhay na buhay pa rin sa kanyang kamalayan ang diwa at identidad ng isang Pilipino kahit halos dalawang dekada na siyang naninirahan sa Malaysia. Aniya:

Nasa Malaysia na ako noong 1997 pero nagsimula akong maging OFW noong 1982. Single Mom kasi ako kaya kailangan kong kumayod. Naging dahilan din ng aking pangingibang bansa ang pagsasara ng pabrika ng mga garments noong 1982. Domestic Helper ako ngayon dito sa Selangor. Kahit sa tagal ko na rito, buhay pa rin sa utak ko ang pusong Pilipino. Alam ko na isa pa rin akong Pilipino. Pinoy pa rin ako kahit matagal na ako rito at never ever think na tumira rito for life. I love my own country siyempre. In other ways din, mas okay dito kasi may work and I can earn despite of my age. Diyan kasi sa Pilipinas ay may age limit (Tapales 2014).




**Pig. 1.** Mapa ng Selangor (JM 2018)

Tunay ang tinurang ito ni Rodelia. Sa usapin ng sweldo, mas malaki ang nakukuha ng mga Pilipinong naroon kumpara sa Pilipinas. Halimbawa, ang tipikal na domestic worker sa Malaysia ay kumikita ng 1,000 Ringgit (o 13,000 Piso) bawat buwan (Tapales 2014). Ang ganitong katotohanan ay hindi pa maaaninag kung minsan sa Pilipinas. Katumbas ito ng Salary Grade (SG-13) sa ating bansa – kadalasan, sweldo ng nakapagtapos sa pag-aaral at pasado sa Civil Service Examination. Mahirap para sa mga hindi nakapagtapos ng pag-aaral ang makakuha ng ganoong sweldo dito sa Pilipinas kaya walang dudang nangingibang-bansa sila upang maging kasambahay. Malayo ang naging karanasan ni Rodelia kung ihahambing kay Miss K.L. Liban sa iligal ang kanyang pagpasok sa Malaysia, nakaranas din siya ng ilang pagmamalupit sa kamay ng mga banyaga.[9] Habang kausap si Miss K.L. sa Taman Wahyu, Kampung Batu, Kuala Lumpur [*cf.* pig. 1] inilahad niya sa akin ang kanyang kuwento: Una kong sabak sa *abroad* nang magsilbi akong *domestic helper* sa Muscat, Oman. May mga oras nga na tinatangka pa akong pasukin sa kuwarto ng aking gagong amo. Ayun, sinasaktan ako ng mga Arabo kong amo. Umiskapo ako. Huwag na nating alalahanin iyon. Ang mga panget na bagay ay hindi na inaalala… Sa awa ng Diyos, pinalad ulit dito sa KL bilang *waitress* para mabuhay ko ang nag-iisa kong anak. Ako lang kasi tumutustos sa mga pangangailangan niya. Akala ko nga *okay* na ako rito sa Malaysia pero ganun pa rin. Pero kailangang mabuhay kaya magtitiis tayo (Miss K.L. 2014).

Ang ganitong pang-aabuso ay tinatawag na direktang diskriminasyon (Ayub et al. 2016). Dahil sa tila umiikot na lamang sa *push and pull* ang mga aralin tungkol sa mga migranteng Pilipina sa bansang Malaysia, kung kaya't sumaliwa na rito ang ilang paksa. Inaral na rin maging ang iba't ibang sakit na nararanasan ng mga migranteng Pilipina sa Malaysia. Lumalabas sa mga pag-aaral halimbawa, na ang sobrang pagtatrabaho at pang-aabuso ay nagdudulot ng pananakit ng likod (*Lower Back Pain*) para sa mga manggagawa (Labao et al. 2018). Sa aking pagkakatanda, ganito rin ang madalas na iniinda ni Miss. K.L. nang siya'y aking nakausap. Dahil bukod sa pagiging *waitress* niya sa umaga, naghihilot din siya tuwing gabi (Miss K.L. 2014). Isa si Miss K.L. sa mga iligal na migrante sa Kuala Lumpur. Aniya, mahirap mamuhay sa ganoong kalagayan sapagkat biyaya ang isang araw na lumilipas nang walang nagaganap na inspeksyon at panghuhuli sa mga lumabag sa batas ng imigrasyon. Sa tuwing natutunugan niya ang mga awtoridad, kaagad siyang nagtatago. Dagdag pa niya, hangga't maaari, hindi dapat ipinapaalam sa kapwa Pilipino na walang ligal na papeles ang mga katulad niya sa dahil sila pa mismo kung minsan ang magsusumbong sa awtoridad. Sa kanyang karanasan, dalawang beses na siyang nabilanggo. Tinutubos lamang siya ng kanyang mga amo at ilang kaibigan. Taong 2018, muli ko siyang binalikan bago ako magtungo sa Myanmar. Bahagyang umunlad ang kanyang pamumuhay sapagkat nakakapagrenta na siya ng malaking bahay na maraming kwarto. Pinauupahan niya ang mga silid sa mga Pilipinong wala ring papeles at nagtatago sa awtoridad. Dagdag-kita ang binabayad sa kanya ng kapwa-Pilipino. Ngunit sa kasamaang palad, habang ako'y nasa Myanmar, nabilanggo siyang muli, sa ikatlo o ika-apat na pagkakataon, sa pareho ding paglabag.

Bagama't hindi naitatala o nababatid man lang ang eksaktong bilang ng mga Pilipinang nakakaranas ng direktang diskriminasyon sa Malaysia, hindi na bago ang ganitong testimonya ng kababaihang OFW na nakararanas ng pagmamaltrato, pagmamalupit, at iba pang uri ng pang-aabuso mula sa kanilang mga amo.

Noong 1995, pumutok ang balita hinggil sa pagbitay kay Flor Contemplacion sa Singapore at Sarah Balabagan sa United Arab Emirates ngunit nabigyan ng amnestiya/parol ang huli (Law at Nadeau 1999). Ang kanilang paghihirap ay dulot ng pagmamaltrato ng kanilang mga amo. Ganito rin ang ipinapakita ng isang kabanata sa disertasyon ni Noel

Moratilla (2015) na pinamagatang *Kontra-Diskurso: Testimonial Narratives of Filipino Workers (1986-2012).* Naglatag siya ng iba't ibang kaso ng mga OFW sa mga bansang katulad ng Lebanon, Qatar, Libya, Greece, Oman, Malaysia, Singapore at Syria (Moratilla 2015). Lumabas sa pag-aaral na karamihan sa mga OFW ay hindi pinapakain, hindi pinapasuweldo nang tama, pinapalo, at itinatago ang pasaporte. Kung ganoon, maihahalintulad ko ang kaso ni Miss K.L. ng Malaysia kay alias Rhianne (isa sa mga OFW kay Moratilla) na kumakain ng pagkaing galing sa basurahan at sinuntok ng amo ang kanyang bunganga. Naranasan din ito ni Miss K.L. noong unang taon ng kanyang paghahanap-buhay sa Kuala Lumpur.

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy pa rin na nararanasan ng kababaihang Pilipino ang pang-aabuso ng kanilang amo sa Malaysia. Tinatayang halos 66,000 ang bilang ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa Malaysia noong dalawang taon pagkatapos ko itong marating, at karamihan sa kanila'y kababaihan na nakakaranas ng pagmamaltrato (Nawal 2016). Mayroong isang Pilipinang napauwi sa Pilipinas mula sa Malaysia dahil sa sinabuyan siya ng kumukulong mantika ng kanyang among Malay (Elemia 2017; GMANO 2017a). Ibig lamang nitong iparating na ang mga testimonyo ng mga Pilipina sa ibayong dagat ay hindi nabibigyan ng karampatang tulong at pansin nang sa gayo'y mapangalagaan hindi lamang ang kanilang kaligtasan kundi maging ang identidad na idinikta sa kanila ng mga abusadong dayuhan. Bukod dito, kinakailangang paibayuhin pa ang pagpapatibay ng mga batas at programang mangangalaga sa kaligtasan ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat. Hangga't walang solusyong naibibigay ang pamahalaan ng Pilipinas para sa mga ganitong pang-aabuso, para na rin nating pinatutunayan na totoo ang imahe nating mga Pilipino sa mata ng mga dayuhan bilang kaapi-api at bukas sa lahat ng kalupitan.

Taong 2016 nang marating ko ang Silangang Malaysia kung saan naroon ang Sabah at Sandakan. Sa aking pagbisita noon sa mga Isla ng Sapi, Manukan, at Mamutik sa Sabah at Kinabatangan sa Sandakan, marami akong nakitang Pilipino. Karamihan sa kanilang trabaho ay bangkero, scuba diver, masahista, at tindero. Kung tutuusin, halos karamihan yata ng mga nasa Isla ng Borneo (lalo na sa Sabah) ay mga Pilipino. Sila ay nagmula sa Sulu, Tawi-Tawi, Basilan, at Palawan. Gayumpaman, wala akong nakausap na OFW liban sa isang kunduktor ng bus sa Lawas, Sarawak – na isang dugong Pilipino ngunit Malay ang kultura. Sa ganang akin, hindi ko na sila maituturing na mga OFW sapagkat matagal na silang naninirahan doon at hindi na muling bumalik sa Pilipinas.

**Singapore (2014)**


Sa parehong buwan, tinawid ko ang Singapore sakay ng isang tren mula Central Kuala Lumpur patungo sa hanggahan ng Woodlands sa Singapore. Ang Kipot ng Johor (Selat Tebrau) ang nagdurugtong sa dalawang bansa. Bago makapasok sa Singapore, umabot muna ng halos tatlong oras sa prontera. Kitang kita ang pagiging abala ng hanggahan kung saan mahigpit na iniinspeksyon ang bawat migrante at turistang lumalabas-pasok sa dalawang bansa. Ito ang unang pagkakataong naranasan ko ang land border crossing kaya't sang-ayon ako sa sinabi ni Eric Tagliacozzo (2007) na porous ang mga hanggahan sa Timog Silangang Asya. Mahirap kontrolin at malayang nakakapasok hindi lamang ang tao ngunit maging ang mga kalakal, ideya, at iba pang moda ng pakikipag-ugnayan ng Malaysia at Singapore.

Isa ang Singapore sa mga bansang nais puntahan ng mga manggagawang mula sa Timog Asya at rehiyong ASEAN upang makapagtrabaho. Sa unang banda, mga Sri Lankan at Indian ang mga minoryang manggagawa sa Singapore (Paul 2018). Sa kabilang banda, puntahan din ito ng mga manggagawang mula sa Timog Silangang Asya katulad ng mga Thai, Burmese, Indones, at Pilipino (Yeoh at Huang 1998; Wang et al. 2018), bagama't mas malaki nang kaunti ang porsiyento ng mga manggagawang kababaihan ang nagmumula sa Indonesia at

Pilipinas (Paul 2018). Bukod sa malapit ito sa Pilipinas at madaling puntahan, malaki at malawak ang oportunidad ng mga migranteng manggagawa rito katulad ng mataas na pasahod at malaking mga benepisyo (SOFW w.tn). Tinatayang 170,000 hanggang 180,000 ang bahagdan ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa Singapore, 60% dito ay mga propesyunal samantalang ang 40% naman ay mga domestic helper (Nabil et al. w.tn; Sibal at Foo 2016; Torres 2017). Ayon sa tala ng PSA (2015) nagtatrabaho sa Singapore ang nasa 9,280 ang mga lalaking Pilipino at 20,184 naman ang mga babaeng Pilipino.

Malinaw ang dahilan kung bakit napakaraming mga manggagawang Asyano ang pinapasok sa Singapore. Sa mga unang yugto ng pagsasarili nito bilang bansa noong 1959 at kumawala na sa kapangyarihan ng Gran Britanya, humarap ang Singapore sa mga suliraning panloob katulad ng mababang antas ng ekonomiya, kakulangan sa lakas-paggawa, at marami pang iba (Soon-Beng at Chew 1995). Kung kaya't kumapit ito sa malawakang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa. Isa sa mga isinulong nito ang pagpapapasok ng mga migranteng manggagawa mula sa Third World na mga bansa (Fillinger et al. 2017). Sa ganitong paraan nila nakikita ang pagbangon ng kanilang ekonomiya at lakas-paggawa. Dahil yumayaman na ang bansang ito sa mga sumunod na dekada, mas lalong dinagsa ng mga migrante ang Singapore, kabilang dito ang mga Pilipino. Hindi katulad sa ibang bansa, mababa ang pang-aabuso at diskriminasyon o marhinalisasyon sa Singapore kaya higit itong nagugustuhan ng mga Pilipino. Ngunit, kailangan ding gunitain ang sinapit ni Flor Contemplacion sa kamay ng pamahalaan ng Singapore. Binitay siya noong Marso 17, 1995 dahil sa ibinintang na pagpatay sa batang si Nicholas Huang at sa Pilipinong kasambahay na si Delia Maga (Reincke 1997). Umantig ito sa simpatya ng mga Pilipinong migrante na nasa Singapore noon. Gayumpaman, sa pagdaan ng panahon, tila nabura na ang lamat sa pagitan ng dalawang bansa – at patuloy pa rin naman tayong nagpapadala ng mga manggagawa doon.

Sa aking mga naging paglalakbay sa Singapore, hindi makakailang kahit saan ka magpunta ay mayroong maririnig na mga Pilipinong nag-uusap at nag-uumpukan. Liban sa Lucky Plaza Mall, isa sa mga konsentrasyon ng mga Pilipino sa Singapore, marami akong nakitang Pilipina sa mga lugar na tulad ng Bukit Panjang, Punggol, Tanah Merah, at Kembangan. Kadalasan nag-uumpukan sila tuwing Linggo (day-off ng mga kasambahay). Bagama't hindi naitala nang mabuti sapagkat walang pormal na pag-uusap ang naganap sa amin ng ilang mga Pilipina, karamihan sa kanila ay madalas na nag-uumpukan sa Marina Bay, Botanical Garden, Sentosa Beach, at iba pa. Doon sila sabay-sabay na kumakain, nagpapatlak, at kung minsan ay nagkakaraoke sa bahay ng isang kaibigang Pilipino.




Pig 2. Mapa ng Tampines, Singapore (TT w.tn)

Napuntahan ko rin ang Jollibee sa Paya Lebar – isang espasyo kung saan kumakain ang karamihan sa mga Pilipino (Tugano 2021). May pagkakataon pa ngang

kapag nakaluluwag-luwag ang isang kasambahay mula sa tipikal nitong sweldong 700 dolyar (SGD) o 26,000 piso (PHP), pinagbabakasyon ng ilan ang kanilang mga anak sa Singapore, sa halip na sila ang uuwi sa Pilipinas. Sa ganang ito, nabigyan din ako ng magandang pagkakataon upang pormal na makapanayam ang OFW na si Marites Asistio noong 2014. Katulad ng mga OFW na nakausap ko sa Malaysia, mababakas at namumutawi rin sa kanyang mga pahayag ang pakikipagsapalaran sa ibayong dagat. Tipikal ang mga nararanasan na pangungulila, homesick, at paninibago sa ibang kultura. Ngunit sa ganitong mga pagkakataon, malaki ang naitutulong ng malaking populasyon ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Ang pagsasama-sama at pakikipaghalubilo sa mga kababayan ay nagsisilbing *comfort zone* ng mga Pilipinang malayo sa kanilang pamilya. Namasukan bilang kasambahay si Marites Asistio sa Tampines, Pulau Ujong (pig. 2), kalapit ito ng Bedok at Paya Lebar. Sa aming huntahan, nabanggit niya:

> Isang taon pa lamang ako rito. Wala naman kasi akong *choice*. Triple ang sahod ko rito kung ihahambing sa tipikal na kita riyan sa Pilipinas. Kailangang kumayod para sa mga anak kong nag-aaral. Nakaka-*home sick* minsan pero kapag *weekend* kasi marami akong amigang Pinay dito. Maraming Pinay dito lalo na sa *Lucky Plaza Mall*. Doon ako nagpapadala ng mga pera at namimili kung minsan ng pagkain at gamit na kailangan sa bahay. Kaya kahit paano hindi ko nakakalimutang nasa Pilipinas pa rin ako. Ramdam ko pa rin ang Pilipinas (Asistio 2014).

Ipinapakita ng pahayag ni Marites ang diwa at identidad ng mga Pilipino sa Singapore. Tunay nga naman na tila ekstensiyon ng Pilipinas ang Singapore dahil sa dami ng mga Pilipino na nagkikita-kita sa araw ng kanilang *day-off.* May nagsasagawa pa nga ng misa na nasa wikang F/Pilipino dahil halos lahat ng nagsisimbang Katoliko rito ay mga Pilipino (Lara 2018). Sang-ayon sa pahayag ni Marites, nagtatalaban ang mga identidad ng mga Pilipinong manggagawa at banyagang espasyo sa *Lucky Plaza Mall* na matatagpuan sa *Orchard Road*. Dito nagsasagawa ng mga transaksiyon at pakikipaghalubilo ang mga Pilipino sa kanilang mga kababayan. Itinuring ng mga Pilipino ang Lucky Plaza hindi bilang isang mall kundi kanilang sariling bayan (Navarro at Tatel 2012). Sa aking mga gunita, nasa apat o limang palapag ang gusali ng Lucky Plaza. Mayroon ditong ilang mga establisyimentong Pilipino katulad ng restawran, remittance center, bilihan ng mga tiket ng eroplano, parlor, bangkong Pilipino, pagawaan ng relo, at marami pang iba. May ilan-ilang Pilipinong nagmamay-ari ng mga pwesto sa loob ng mall ngunit karamihan pa rin ay mga Tsino (Asistio 2014). Sa komprehensibong pag-aaral nina Atoy Navarro at Carlos Tatel (2012), inobserbahan nila ang landskeyp ng naturang mall. Mababakas dito ang "Pinilipinong" mall sa banyagang bansa. Markado sa mall ang katangian ng mga Pilipino bilang maingay, madadaldal, at mahilig sa kasiyahan – mga bagay na iniiwasan at inaayawan ng mga Singaporean sa mga Pilipino (Navarro at Tatel 2012). Gayumpaman, ang hindi nila maunawaan sa atin, paraan ito ng pagpapasaya ng sarili sa kabila ng mabibigat na trabaho at pangungulilang nararanasan nila araw-araw.

Iginigiit rin ni Marites ang kanyang identidad bilang Pilipino. Naghahanap siya ng paraan upang hindi mawaglit sa kanyang kamalayan ang diwa at esensiya ng pagka-Pilipino. Sandigan niya ang ekstensiyon at espasyong Pilipino upang patuloy na maramdaman ang pagka-Pilipino at mawaglit panandalian ang pangungulila sa pamilya at bayan.

**Kep, Cambodia (2017)**


Hindi katulad ng mga bansang nabanggit ko sa itaas, hindi tipikal na puntahan ng manggagawang Pilipino ang Cambodia. Lubos ko itong ikinagulat noon dahil sa antisipasyon kong dahil mababa ang ekonomiya ng bansang ito, wala sigurong Pilipino ang pupunta rito. Kung mayroon man, mas kaunti ito kung ihahambing sa ibang bansa. Bagkus, ang mga Cambodian pa nga

ang umaalis sa kanilang bansa upang magtrabaho. Ayon sa talaan, katulad din ng mga Pilipino, madalas nilang puntahan ang Malaysia para sa mga domestikong trabaho, Thailand para sa industriya ng agrikultura, at Timog Korea para sa mga trabahong mayroong kinalaman sa konstruksyon at pabrika (TAF 2011; Holliday 2012). Ngunit hindi tulad sa mga Pilipino ang kaso ng mga manggagawang Cambodian. Kung mabilis para sa mga Pilipino ang matanggap/makahanap ng trabaho sa ibayong dagat, siya namang ikinailap ng oportunidad para sa mga Cambodian.

Maraming mga migranteng Cambodian ang iligal na nagtutungo sa ibang bansa lalo na sa Thailand, kung kaya't pinarurusahan na ng Thailand ang sinumang hindi dokumentadong manggagawang Cambodian na pumapasok sa kanilang bansa (Sok Udom 2019). Bukod dito, nakakaranas din ng diskriminasyon ang mga Cambodian mula sa mga Thai. Mas tinatanggap ng mga Thai ang mga manggagawang Lao at Burmese dahil mas mabilis silang matuto ng wikang Thai kumpara sa mga Cambodian (Walsh at Ty 2011). Mababa rin ang pasuweldo sa ilang mga manggagawang Cambodian kaya mas pinipili nilang bumalik sa Cambodia o lumipat sa iba pang mayayamang bansa sa Asya.

Gayumpaman, kahit na isa sa mga mahihirap na bansa ang Cambodia, hindi ito nangangahulugan na walang mga Pilipino ang nakakapasok o nakapagtatrabaho rito. Sa katunayan, tinatayang anim na libo ang bilang ng mga Pilipino sa buong Cambodia at anim na raan dito ay nagtatago (TNT) dulot ng iba't ibang kadahilanan katulad ng nakasanla diumano ang kanilang mga pasaporte at kulang sa pera (GMANO 2017b). Nang marating ko ang Cambodia sa ikalawang pagkakataon noong 2017, dumagdag at pumalo pa ng 8,186 ang bilang ng kalalakihan at 3,976 na mga babaeng Pilipino ang nagtungo sa Indonesia, Brunei, at Cambodia upang magtrabaho (PSA 2018). Samantala, ang mga rehistradong manggagawang Pilipino sa kabisera ng Phnom Penh ay namamasukan sa sektor ng propesyunal na mga trabaho katulad ng pagiging *manager* at superbisor. Hindi gaanong marami ang mga *domestic worker* sa Cambodia (Avendaño 2012). Sa kabila ng halos walang migranteng manggagawa ang pumapasok sa Cambodia, siya ring ikinababa ng lokal na *employment rate* nito. Ibig sabihin, mas marami pang migranteng manggagawa ang pumapasok sa kanilang bansa kumpara sa mga tao nilang lumalabas patungo sa Timog Silangang Asya upang magtrabaho (Ybiernas 2015). Ang Cambodia ay nagmistulang *net importer* ng mga manggagawang pumapasok sa kanila.

Walang direktang diskriminasyon o marhinalisasyong nararanasan ang ilang mga Pilipinong manggagawa sa mga Cambodian. Bukod sa kakaunti sila sa bansang ito, mataas din ang tingin ng mga Cambodian sa mga Pilipinong manggagawa. Tinutulungan ng mga Pilipino ang mga Cambodian upang makabangon sa labis na kahirapan dulot ng mga nagdaang sigalot (Avendaño 2012).[10] Tinitingala nila ang mga Pilipinong manggagawa lalo na ang mga doktor. Kulang sa mga doktor ang Cambodia. Sa limang libong pasyente, isang doktor lamang ang gumagamot o nakalaan para rito (Avendaño 2012). Dahil nga sa walang diskriminasyon at instrumentong magdudulot para rito, kung kaya't iba ang naging paraan ng mga Pilipino roon upang ipakilala ang identidad ng mga Pilipino. Ipinakilala nila ito sa pamamagitan ng pagsasagawa at pagsasabuhay ng kaugaliang Pilipino.




Pig 3. Mapa ng Kep, Cambodia (GW w.tn)

Sa aking paglalakbay noong 2017, isa ang bansang Cambodia sa mga nagbukas ng pagkakataon na makausap ang isang OFW. Nagtungo ako sa Kep (pig. 3), isang lalawigan na halos 160 kilometro ang layo mula sa kabisera nitong Phnom Penh. Binisita ko ang dalampasigan ng Krong Kep na itinuturing na isa sa magagandang dagat ng bansa. Sa parehong lalawigan, nakausap ko si Anabelle Bernardo, isang maalam at mausisang OFW. Hindi hadlang sa kanyang kamalayan ang dominasyon ng ibang kultura sa ibayong dagat kahit matagal na rin siya roon. Nabanggit niya sa akin ang ganitong mahahalagang pahayag:

Taong 2014 kasi narito na ako sa Kep. Dati, sa Luang Prabang ako nagtatrabaho. Sa una, nahihirapan ako mag-*adapt* dahil iba talaga ang kultura. Yun ang akala ko. Siyempre kung nasaan ka mang bansa, makukuha mo rin ang kanilang kultura. Pero hindi ibig sabihin, dahil nasa ibang bansa na ay kakalimutan mo ang sarili mong kultura. Sa katunayan, **pinapakilala ko ang *identity* natin** sa opisina ko… lalo pa na dalawa lang kaming Pilipino roon sa opisina at isa pa, probinsiya ito *unlike* Phnom Penh. Sa totoo lang, may mga tradisyon tayo na halos kaparehas din ng sa kanila (akin ang diin) (Bernardo 2017).

Malinaw na sa paraang ito, naipakilala ni Anabelle ang identidad ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagpapakita at pagpaparamdam sa kapwa nito Asyano. Gayumpaman, yumayaman na rin ang pagpapakilala ng kulturang Pilipino sa Cambodia. Noong 2019, may isinagawang programa ang mga akademiko sa Phnom Penh bilang paggunita sa National Heritage Month. Tinipon nila ang mga Pilipinong nakadestino sa Cambodia – tinuruan ng tungkol sa kasaysayan ng mga katutubong Pilipino, pati na rin ang pagsulat at pagbasa ng baybayin (DFA 2019). Kung tutuusin, pagtatangka itong paalalahanan ang mga Pilipinong naroon na manatiling nakakonekta sa kultura ng kanyang bansang pinagmulan.Posibleng naibabangon natin ang imahe at moralidad ng mga Pilipino sa bansang katulad nito. Sa kabuuang pagtatasa ng sub-bahagi ng paksang ito, mababakas ang katotohanan na naroon sila sa ibayong dagat hindi lamang bilang mga manggagawa. Bagkus, may pagkakataong lumilitaw na iginigiit nila o kung hindi man, ibinabahagi at isinasabuhay ang kulturang Pilipino. Patunay ito na hindi sila nawawalay sa sariling bayan.

**Madrid, España (2018)**

Hindi katulad ng Malaysia, Singapore, at Cambodia, malaking oportunidad at biyaya para sa Pilipinong manggagawa ang makapagtrabaho sa kanlurang bahagi ng ibayong dagat. Maraming+ mga Pilipino ang nangangarap na makarating at mamuhay sa Europa dahil sa kalidad ng ekonomiya nito. Ipinaliwanag ni Rogelia Pe-Pua (2015) na matibay ang pundasyon ng Europa sa pagtanggap ng mga migranteng manggagawa. Aniya, bukod sa maayos ang kondisyon ng kanilang mga batas hinggil sa proteksyon at karapatan ng mga dayuhang manggagawa, may posibilidad na madala pa sa Europa ng mga manggagawang ito ang kanilang pamilya. Ang ganitong benepisyo ay hindi kadalasang nararanasan sa Gitnang Silangan at sa ibang mga bansa sa Asya na tumatanggap ng mga manggagawang Pilipino.

Kung sisipatin, maraming mga Pilipina ang nagtatrabaho sa España at Italya. Sa Roma, tinatangkilik ng kababaihan ang mga trabahong katulad ng pangangatulong at pribadong pag-aalaga ng mga pasyente kung saan maaari silang kumita nang hindi bababa sa 1,000 dolyar (USD) bawat buwan (Salazar-Parreñas 2000). Bagama't mas maraming Pilipino ang nasa Italya kumpara sa España (Pe-Pua 2015), ipopokus lamang ang talakayan sa sa España dahil nakarating na ako sa bansang ito. At isang OFW ang nakausap ko sa Madrid.

Simula noong dekada 1960, mataas nang pribilehiyo ng mga Pilipino ang makapasok sa España dahil prayoridad ng kanilang pamahalaan na papasukin ang mga mamamayang nagmula sa dati nilang mga kolonya (Molina 1992). Maaaring mag-aplay ang mga Pilipino upang maging mamamayan ng España pagkatapos ng dalawang taon nilang pananatili sa bansa (Pe-Pua 2015). Pinayagan din ang mga Pilipino na makapasok sa España kahit walang visa hanggang noong 1985 para maghanap ng trabaho at matitirahan. Ngunit, nagbago ito sa kasalukuyang panahon. Noong 2015, mayroon nang 150,000 Pilipino sa España (Alzona 2015).Bukod sa bahagi na ng *Schengen*[11] ang bansang España, kinakailangan na nitong kontrolin ang pagpasok ng mga dayuhang manggagawa, bagama't patuloy pa rin silang tumatanggap ng mga manggagawa kapag walang makuha ang kanilang pamahalaan mula sa kanilang sariling bansa at sa ibang mga bansang nasa Europa (Lara 2018b).

Noong huling buwan ng 2018, narating ko ang España mula sa Portugal. Sumakay ako ng bus mula sa *Estação Oriente* sa Lisbon, Portugal papuntang *Mendez Alvaro Estacion Sur* sa Madrid. May pitong oras din akong bumiyahe hanggang sa marating ang hanggahan ng Elvas/Portalegre, Alentejo (Portugal) at Badajoz, Extremadura (España). Mula sa Mendez Alvaro*,* sinundo ako ni Rowena Martinez, isang OFW na tubong Pangasinan. Malugod niya akong tinanggap sa kanyang tahanan sa *Calle de Sta. Feliciana,* Chamberi, Madrid (pig. 4). Naging makabuluhan ang isang gabi nang magkaroon kami ng ilang huntahan habang naglalakad sa *Plaza del Sol* hanggang *Plaza Cibeles.* Naibahagi niya sa akin ang mga naging karanasan niya nang pumunta siya sa España. Sa pagkakataong ito, nakumpirma ko rin ang katwiran ni Pe-Pua na malaki nga ang oportunidad na ibinigay ng España sa mga dayuhang manggagawa. Ayon sa pahayag ni Rowena:

Noong 2010 nasa Spain na ako. Laking tulong sa pamilya ko ang pagkuha sa akin ng asawa ko dahil sa *financial.* Maraming *adjustment* sa aking buhay nang ako'y nasa España na, isa na roon yung *homesick* sa pamilya mo na nasa Pilipinas, klima, *surroundings,* mga pagkain, at pakikitungo sa ibang lahi (Martinez 2018).




Pig 4. Lugar ng Chamberi sa Madrid, Spain (DT w.tn)

Ibig sabihin, nakarating siya sa España sa tulong ng kanyang asawa/ mapapangasawa noon. Ganito naman talaga ang nangyayari noon. Ginagarantiya ng mga lalaki ang pagpunta ng kanilang mga asawa upang maging residente at makahanap ng trabaho. Kung tutuusin, mas nahihirapang maghanap ng trabaho ang kalalakihan kumpara sa mga babae. Sa kaso ng España, madalas silang nangangailangan ng mga katulong. Karamihan sa mga lalaki ay kumakayod sa restawran bilang tagaluto, serbedor, at tagahugas ng pinggan (Pe-Pua 2015). Sa muli kong pakikipag-usap kay Rowena, pinasok din niya ang mga ganitong uri ng trabaho. Noong bago pa lamang siya sa Madrid, España, nakapagtrabaho siya sa mga

restawran sa Calle de Blanco de Navarra at Calle Juan de Austria bilang ayudante (asistant), camarera (serbedora), at hugas-plato (sarili niyang termino) (Martinez 2018). Sa kasalukuyan, nagtatrabaho siya bilang tagalinis ng bahay, apat na araw/beses bawat linggo. Hindi na bago sa atin ang ganitong reyalidad sa España. Malinaw halimbawa ito sa depiksyon ng pelikulang *Barcelona: A Love Untold* (2016) na pinagbidahan nina Kathryn Bernardo (Mia) at Daniel Padilla (Ely) – kung saan dalawa hanggang tatlong trabaho ang pinapasok ng isang Pilipino sa España. Hindi garantiya ang pagiging *degree holder* ng isang tao sa Pilipinas sa paghahanap ng trabaho sa España.

Hindi binabalak ni Rowena na mamalagi sa España. Nabanggit rin niya na panandalian lang ang kanyang pananatili sa ibayong dagat. Hinihintay lamang niya ang kanyang pagreretiro at sapat na pensiyon bago siya bumalik sa Pilipinas (Martinez 2018). Tipikal ang ganitong kalakaran. Ayon kay E. San Juan (2009), bumabalik lamang ang karamihan sa mga Pilipino sa Pilipinas sa mga dahilang tulad ng matanda na sila, sapat na ang kanilang naipon, o di kaya'y hindi inaasahang aksidente o kamatayan (San Juan 2009). Nabanggit at naipakita rin ni Rowena sa akin kung saan madalas nagkukumpulan ang mga Pilipinong nasa Madrid. Ayon sa kanya, ang distrito ng Trafalgar ang madalas na pinupuntahan ng mga Pilipino dahil narito ang mga tampok na mall katulad ng La Vaguada (sa Paseo de la Vaguada) at El Corte Ingles (sa Plaza del Callao) (Martinez 2018). Marami akong nakitang mga Pilipino nag pumunta ako sapagkat Disyembre na noon. Bukod sa maraming ilaw dahil malapit na Kapaskuhan, transisyon iyon ng otoño (taglagas) at invierno (taglamig). Laganap na ang bentahan ng mga hihithiting sigarilyo na dinadala ng mga Pilipinong bagong dating sa Madrid mula sa Pilipinas. Ibinebenta nila ang pake-paketeng sigarilyo sa España nang mahal. Hindi rin pinalampas ng mga Pilipinong naroon ang selebrasyon ng pagtotoro (bull fighting) sa Plaza de Toros de la Ventas sa distrito ng Salamanca. Tuwing Marso hanggang Oktubre, bilang paggunita sa patron na si San Isidro Labrador, pumupunta roon ang ilang mga Pilipino (Martinez 2018). May mga pagkakataong nagpupustahan pa ang mga Pilipino roon. Karamihan sa mga nakikipagdaos sa pagtotoro ay yaong mga nagmula sa lalawigan ng Quezon (lalo na sa Lucban) bilang paggunita sa naiwanang Pahiyas Festival na kumikilala rin kay San Isidro Labrador.

Panghuli, lumabas din sa aming mga naging usapan ang paglilinang ng kanilang identidad sa ibayong dagat. Sa kabila ng pagiging Pilipino at dayuhan sa España, sabay nilang itinatrato ang magkakaibang kultura ngunit sinisigurado nilang mangingibabaw dito ang identidad ng sariling bayan. Malinaw na lumilitaw dito ang konsepto ng transnasyonalismo. Naipagkakabit ng mga Pilipino ang mga kalinangang maaaring mag-ugnay sa bansang sarili (Pilipinas) at bansang inangkin (España) (Schiller et al. 1992; Yu 2015) o di kaya'y isang paraan ng pag-angkop sa kulturang kailangan nilang pakipamuhayan.

Sa mga nasabi ni Rowena, nag-uusap sila ng kanyang asawa sa wikang Ilokano kapag nasa loob sila ng bahay ngunit wikang Kastila naman kapag napapaligiran na sila ng tagaloob (Martinez 2018). Lehitimo ang ganitong sistema sa España dahil ganito rin ang nasaksihan ko nang ako'y magtungo sa Barcelona. Karamihan sa mga Pilipinong serbedor sa pamosong Calle de Las Ramblas (isa sa mga paboritong lugar ni Jose Rizal) ay nag-uusap sa wikang Catalan na may paghahalo ng wikang F/Pilipino.[12] Hindi ito usapin ng pagpapanggap o pagpupumilit na maging isa/katulad ng mga Español. Bagkus bunga ito ng umiiral na transnasyonalismo ng mga Pilipino. Mapapansin ito sa mga Pilipinong matagal sa España – nagmumura halimbawa sa wikang Kastila at hindi na minsan sa F/Pilipino o naghahalo ang dalawang wika.

Ngunit, mayroong bantang hatid ang transnasyonalismo. Madalas na dumadaan ang ikalawa hanggang ikatlong henerasyon sa kalituhang ito lalo pa't kung lumaki ang anak

ng migranteng Pilipino sa ibayong dagat sa napakahabang panahon at nabantad na sila sa kulturang banyaga. Posibleng malampasan ito kung ipapamulat sa henerasyong ito ang dominasyon ng kulturang Pilipino. Ganito ang tinatrabaho ni Rowena sa kanyang nag-iisang anak. Malinaw niyang inihayag na:

> Kulturang Español na ang aking anak dahil 'yun ang nakagisnan niya pero itinuturo ko pa rin sa kanya ang ibang kultura nating mga Pinoy… Tulad ng pagdarasal, pagmano sa mga nakakatanda, magpasalamat kung ano yung binigay, maliit man o malaking halaga, huwag sumagot ng mga masasama tulad ng mga *bad words,* at kung anu-ano pa. Ang importante sa akin yung disiplinang Pinoy ang ituturo ko sa kanya (Martinez 2018).

**Gadong, Brunei Darussalam (2016)**

Kung mapapansin sa itaas na bahagi, pawang kababaihang manggagawa ang aking nakausap. Sa kabuuan ng aking paglalakbay, dalawang bansa lamang ang nagbigay sa akin ng pagkakataong makapanayam ang mga lalaking OFW – Melbourne, Australia at Gadong, Brunei Darussalam. Hindi gaanong naging makabuluhan ang pakikipag-usap sa una kaya mas bibigyan ng tuon at pagpapahalaga ang huli, lalo pa't kabilang ito sa ASEAN.

Isang maliit ngunit mayamang bansa ang Brunei Darussalam. Libre dito ang badyet para sa kanilang alokasyon (ACB 2015). Sa pagsisimula pa lamang ng dekada 1920, umuusbong na ang ekonomiya ng bansa sa industriya ng langis kung kaya't kinailangan na nitong tumanggap o magpapasok ng mga dayuhang manggagawa (Ahsan at Kumpoh 2018). Mapapansin din na hanggangngay on, mas madalas nilang pinapapasok ang mga migranteng nagmula sa Timog Silangang Asya (Thailand, Malaysia, Indonesia, at Pilipinas) at Timog Asya (Nepal, Bangladesh, at India) (Ullah at Kumpoh 2018).


Ngunit noong dekada 70, hindi pa napapansin sa demograpiya ng Brunei ang pagpasok ng mga migranteng Pilipino. Magiging mahalaga lamang ang papel ng mga Pilipino pagdating ng 1981 kung saan bumulusok pa lalo ang kita sa langis at gas (Mani 1996). Kung tutuusin, may iba pang mga nasyonalidad ang nagnanais makapasok bilang manggagawa sa Brunei. Bukod sa hindi pa sila gaanong dumarami, maaaring hindi naitatala ng imigrasyon ang tunay na layunin ng kanilang pagpasok sa bansa. Sa katunayan, may nakausap akong isang Aprikano na nakilala ko sa pangalang *Yussef.* Siya ay tubong Khartoum, Sudan at nakapagtrabaho na rin sa Papua New Guinea at New Caledonia. Nagbabakasakali siyang makapagtrabaho sa Brunei (Yussef 2016). Hindi lamang naging malinaw ay kung bakit siya nasa Brunei kung mag-a-aplay pa lamang siya ng trabaho. Gayumpaman, maaari na ring tingnan ang posibilidad ng pagpasok ng mga Aprikano sa Brunei sa hinaharap.

Anupaman, malayo na rin ang naging ugnayan ng Pilipinas at Brunei pagdating sa lakas-paggawa. May isang pagkakataon sa kasaysayan na dumaan sa isang matinding krisis ang Brunei. Dahilan nito ang higit na pagtuon ng bansa sa pagpapalago ng industriya ng langis, nakaligtaan nila ang ibang sektor katulad ng agrikultura (Thambipillai 2012). Inagapan ng kanilang pamahalaan ang mga suliraning dulot nito sa pamamagitan ng pagpapasok ng mga migranteng dalubhasa sa larang ng agrikultura, kabilang dito ang mga Pilipino (Thambipillai 2012). Sa aking pagtungo sa Brunei noong 2016, panibagong 10,099 manggagawang Pilipino ang ipinadala roon upang magtrabaho (POEA 2016).

Sa aking pagtataya at obserbasyon, mas marami ang bahagdan ng kalalakihang Pilipino na nagtatrabaho sa Brunei Darussalam kung ihahambing sa mga babae. Tunay ito sapagkat sa Seria, Brunei matatagpuan ang Brunei Shell Petroleum Co Sdn Bhd (BSP), isang malaking pandaigdigang kumpanya ng krudo at gas (RZ w.tn). Anupaman, hindi lang sa kumpanya ng langis umiinog ang hanapbuhay ng mga Pilipino sa Brunei. Marami sa kanila ang namamasukan bilang mga domestic helper, hotel receptionist, at cook. Sa aking obserbasyon, kadalasang namamasukan ang mga Pilipinong mataas ang pinag-aralan sa kabisera nitong Bandar Seri Begawan bilang tour guide, barista, at manager. Halimbawa rito ang nakilala kong isang Pilipinong manager sa The Coffee Bean & Tea Leaf sa Bandar Seri Begawan. Isang magandang pagkakataon muli na may makausap at makapanayam na PIipinong OFW sa Islamikong bansang ito.

Bagama't wala akong nakilalang Pilipino sa Seria, nabigyan naman ako ng pagkakataong makausap ang mga OFW sa Gadong (pig. 5), ang itinuturing na sentro ng komersiyo. Ang Gadong ay inihahalintulad ko sa Orchard Road ng Singapore sa dahil maraming Pilipino ang namamalagi, nagtatrabaho, at naninirahan dito. Dito ko nakausap ang dalawang Pilipinong nagtatrabaho bilang hotel receptionist sa Easybox Homestay (kung saan ako tumuloy ng dalawang gabi), katapat ng Gadong Mall. Dati silang nagtatrabaho sa kumpanya (hindi binanggit ang pangalan) bago lumipat sa Gadong. Ganito ang aming napag-usapan:

Galing sila sa Mindanao (*hindi Muslim*) at mahirap ang kanilang pamumuhay sa Pilipinas. Pinagtiisan ang hirap na mapalayo sa pamilya ngunit kapalit naman nito ang malaking kita na naipapadala nila sa Mindanao…May mga pagkakataon na bumibili sila ng baboy na mahal ang presyo bawat gramo upang magluto ng adobo at hindi maramdamang malayo sila sa kulturang Pilipino. May mga pagkakataong nagsasama-sama sa inuman ang mga Pilipino at bumibili ng alak na kwadruple ang presyo mula sa tipikal na halaga ng alak sa Pilipinas. Ginagawa nila ito alinsunod sa tradisyong Pilipino ng pagsasama-sama (OFWEHS 2016).




Pig 5. Mapa ng Gadong sa Brunei Darussalam (Wikipedia 2006)

Lumalabas sa testimonya na malakas ang pagkakakapit ng ilang mga Pilipinong ito sa kultura at tradisyong kanilang nakagisnan sa Pilipinas. Katulad ng Orchard Road sa Singapore, tila isang espasyo ng mga Pilipino ang Gadong. Bukod sa dito naninirahan at nagtatrabaho ang mga Pilipino, dito rin sama-samang isinasagawa ng komunidad ang mahahalagang selebrasyon. Kahit Islamikong bansa ang Brunei, taunan ding ipinagdiriwang ng mga migranteng Pilipino sa Gadong, halimbawa, ang Pasko ng Pinoy Celebration nang sa gayo'y mas lalo pang mapaigting ang diwang Pilipino (IN 2010).

Sa pamamagitan nito, pinahahalagahan ng mga Pilipino ang kanilang identidad sa direktang pag-uugnay ng sariling tradisyon sa ibayong dagat. Sa minsang pagbisita ni Pangulong Duterte sa Brunei noong 2016, iginiit ng mga Pilipino sa kanya na patuloy sanang pangalagaan ng pamahalaan ng Pilipinas ang kanilang identidad sa ibayong dagat ng Brunei (Gita 2016).

**Pangwakas**

Sa aking maikling pagbabahagi ng danas sa paglalakbay, sa pamamagitan ng mga danas ng ilang mga OFW mula sa iba't ibang bansang napuntahan, nasumpungan na malaki ang ginagampanang tungkulin ng mga manggagawang Pilipino na nasa ibang bansa upang ipamalas ang Pilipinong identidad at pagkakakilanlan. Kung kaya't isang akademikong mungkahi ang aking inirerekomenda sa mga manlalakbay na tingnn at pakinggan ang mga natatanging karanasan, kuwento, at pakikibaka ng mga Pilipino sa ibayong dagat – kung magkakaroon ng pagkakataong makausap o makahalubilo sila. Bagama't tipikal o paulit-ulit na marahil ang kanilang mga naratibo, mayroon pang mga aspekto o salik tungkol sa kanila na hindi pa nabibigyan ng tinig at teoretikal na pansin. Ang mga ganitong gawain at kontribusyon sa pananaliksik ay walang dudang magpapaunlad sa kahalagahan ng Araling Diaspora sa kasaysayan at kapakinabangang Pilipino sa mga hinaharap na panahon.

Huwag din nating kaligtaan na ang mga OFW ay isa sa mga pinahirapan at pinaralisang sektor ng COVID-19. Bago ang kalagitnaan ng 2021, 645,000 ang bilang ng mga OFW na nawalan ng trabaho at pinauwi o umuwi sa Pilipinas. Sa talang ito, 15,000 ang tinamaan ng COVID-19 at nasawi naman ang halos 1,000 (CNNPS 2021). Malaki ang epekto nito sa ekonomiya ng Pilipinas, mababawasan ang mga perang papasok sa ating bansa dahil sa malawakang tanggalan ng mga manggagawa sa buong mundo. Sa ngayon, umuuwi sila sa Pilipinas. Ngunit sa halip na bigyan sila ng pamahalaan ng libreng medikasyon, tila bagang ang ilan sa kanila ay papasanin pa ang mga bayarin sa Quarantine at Swab Test na kailangang gawin bago sila tuluyang makabalik sa kanilang pamilya. May ilang tala rin na pinangingilagan ng ilang mga Pilipino ang mga bagong uwing OFW dahil sa COVID-19. Hindi na bago ang ganitong kaganapan. Noong 2003, nang kumalat ang Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS) sa Silangan at Timog Silangang Asya, marami ring mga OFW ang pinauwi sa Pilipinas. At ang mgna manggagawang umuwi noon, sa halip na tingnan bilang tagapagdala ng ginhawa – ay trinato nbilang tagapagdala ng kamalasan o problema sa kanilang mga lugar (Anicete at Gumapos 2004). Sa ganitong krisis, kailangan nating timbangin ang naibigay na ambag ng mga OFW sa kaunlaran ng Pilipinas.

**Talahuli**

1. Ayon sa tala ng kasaysayan, si Enrique de Malacca ang unang Pilipinong nakalabas ng Pilipinas sapagkat siya ang tinatayang tagapagsalin (interpreter) at alipin ni Ferdinand Magellan sa panahon ng kanilang paglalakbay (Armada de Malucco Expedicion) sa daigdig at nakabalik lamang sa Pilipinas mula Europa noong 1521 hanggang 1522 (Perdon 2014). Bagama't sa ilang tala, sinasabing hindi Pilipino o Cebuano si de Malacca bagkus taga-Sumatra, Indonesia. Isa sa mga dahilan kung bakit nagkakaunawaan sina de Malacca at ang Cebuanong datu ay dahil sa wikang Malay na noo'y laganap bilang wikang rehiyunal sa ilang bahagi ng Timog Silangang Asya.

2. Malaki ang ginampanan ng paglalakbay ng mga Hudyo sa noong nagdaang panahon. Nagdulot ito ng malaking suliranin hinggil sa kanilang identidad. Tingnan ang epekto nito sa kanilang teritoryo at henealohiya bilang salik sa suliraning pang-identidad (Boyarin at Boyarin 1993).

3. Bilang pagdadalumat sa terminong pangangayaw, nagmula ang mga terminong ito sa mga Austronesyano na mayroong kinalaman sa pakikidigma para sa bayan at sa kaginhawaan na mayroong mahigpit na pagkakabit sa pagiging makabayan. Mahigpit ang pagkakakabit ng konsepto ng bagani sa konsepto ng pangangayaw. Kung ang gagamiting

lente ay ang panahong dati, tumutukoy ito sa pakikipagdigma sa katubigan o pagsakay ng mga bagani sa balangay para sa pakikipagdigma sa ibang barangay. Palasak ang katagang pangangayaw dahil sa pagiging arkipelago ng heograpiyang Pilipino. Ang mga bagani ang pangunahing ahente ng pangangayaw. Sila ang sumasakay sa balangay at lumulusob sa kalabang barangay. Ang layunin ng pangangayaw ay magsagawa ng pandarambong; pagkuha sa kababaihang potensyal na maging asawa upang mapanatili ang lahi; pagdakip sa mga alipin na magiging bahagi ng lakas-paggawa upang mapagpatuloy ang produksiyon at pagkamkam ng mga materyal na gamit para sa pagyabong ng ekonomiya (Tugano 2015). Ang pangangayaw ay nakasasalig din sa tinatawag na kaloobang bayan o isang konsepto na naglalahad ng pangangalaga sa buhay, pagkakaroon ng ginhawa, at pagtatamo ng karangalan (Villan 2009; Mohammad 2017). Sa madaling sabi, ito ang dahilan kung bakit iniugat ang mga manggagawang Pilipino ang kanilang pagiging OFW sa pagiging makabagong mangangayaw dahil tagatubos sila ng bayan, at tagabigay ng karangalan (dangal), at ginhawa (para sa pamilya at bayan).

4. Noong Oktubre 9, 2018, nagkaroon ng diskusyon ang aming klase tungkol sa Theories and Perspectives in Philippine Studies na naging talamak diumano sa Barangay San Pedro, lalawigan ng Antique ang selebrasyon o pista hinggil kay Hudas. Tinataya ito bilang simbolo ng tunggalian sa pagitan ng Aglipayan Iglesia Filipina Independiente at Romano Katoliko (Cruz-Lucero 2003). Naging bahagi rin ng aming talakayan na ang selebrasyong ito ay pinagkakagastusan nang husto. Ang perang ginagamit dito ay galing sa tinatawag nilang juices - mula sa katas (Katas ng Saudi) sa kadahilanang nagmumula ang pera sa mga Antiqueñong nagtatrabaho sa Saudi Arabia. Sa katunayan, nabanggit ni Arnel de Guzman na umusbong ang tinatawag na Katas ng Saudi Syndrome simula noong 1973 kung kailan bumulusok ang pag-unlad sa industriya ng langis sa Saudi (de Guzman 1993). Ang bansang ito ay siyang nagsilbing lundayan at takbuhan ng mga manggagawang Pilipino noong mga panahong iyon. Sa pagpasok ng 21 na dantaon, halos mga Pilipino na ang lakas-paggawa sa Saudi kung kaya't naglipana na rin ang mga tinatawag na Tago nang Tago. Noong 2011, mahigit sa 20,000 na ang mga Pilipinong manggagawang hindi rehistrado sa Saudi Arabia (Sevilla 2014).

5. Mula taong 2001 hanggang 2010, 60% ng tinatayang umaalis ng bansa ay pawang mga babae na madalas ay nagiging katulong o di kaya'y caregiver sa ibang bansa (Lan 2003).

6. Ang virile partner ay isang indikasyon ng pagkalalake ng mga asawang lalaki. Lehitimo ito dahil sa mga unang yugto ng paggawa sa ibayong dagat, pawang kalalakihan ang mga sumasabak sa lakas-paggawa. Pinalawig ni Alicia Pingol ang dalumat na may mas higit na responsibilidad ang mga naiwang asawa/ama sa Pilipinas sa naiwanang pamilya at tahanan ng mga babae at kung papaanong ang mga babae/asawang ito ay pinasok ang pakikibaka sa ibang bansa (Pingol 2000). Itinuturing ito bilang isang malaki o malawakang hakbang ng Feminisasyon sa paggawa. Nawawalan ng kapangyarihan ang lalake sapagkat mas malaki ang kikitain ng kanilang asawa sa ibang bansa na nagiging dahilan ng pananatili ng mga lalaki sa bahay bilang *house husband* na tumatayong

ina at ama sa mga naiwang anak (Pe-Pua 2015).

7. Lumabas sa isang teksbuk ang isang pagsasanay sa modang *Fill in the Blanks* upang tukuyin ang trabaho ng iba't ibang lahi sa mundo. Bagama't may anim na pagpipilian na lahi (*Japanese, Indian, British, Chinese, Korean*, *Filipino*), lima lamang ang sasagutan. Ayon sa *guidebook* o isang *answer key/guide* ng mga guro, ang *British* ay isang guro ng wikang Ingles; ang Pilipino ay isang katulong; ang Hapones ay mayroong *sushi restaurant* sa Hong Kong; ang Tsino ay nakatira sa Shanghai; at ang *Indian* ay nag-aaral sa isang pandaigdigang paaralan (Cayabyab 2014).

8. Hindi na bago ang ganitong diskriminasyon sa kababaihang Pilipino. Noong 1980, matatagpuan sa mga talasalitaang nailimbag sa Hong Kong, ang salitang *banmui* na ang ibig sabihin ay "mga babaeng nakatira sa Pilipinas" ay itinumbas sa mga salitang *maid* o *servant.* Katulad ito ng Oxford Dictionary na nagbigay ng kahulugan sa Filipina na "*a female citizen of the Philippines, a servant or an amah.*" Idinulog ang reklamo ni Pangulong Corazon Aquino sa Embahada ng Britain. Mula noon, kasabay ng mga protesta, tinanggal ito ng Oxford at nagpalabas ng panibagong edisyon ng diksiyonaryo (Constable 1997).

9. Dumating siya sa Malaysia dahil sa pakiusap ng kanyang *fiancée* na Pakistani na nasa Kuala Lumpur, Malaysia noon. Hindi nagtagal ang kanilang relasyon dahil sinasaktan siya nito hanggang sa nilayasan niya ang Pakistani. Hindi na siya umuwi/nakauwi ng Pilipinas hanggang sa ngayon.

10. May ilan ding mga Pilipino ang ayaw magtrabaho sa Cambodia dahil mababa ang suweldo rito. Maaaring basahin ang ilang pahayag ng mga Pilipino (*cf.* Spitzer at Piper 2014).

11. Nilagdaan ang Schengen Agreement noong Hunyo 14, 1985. Isang makapangyarihan visa ang Schengen. Ang sinumang indibidwal na nagtataglay nito ay maaaring makapasok, makatawid, at makapaglakbay sa dalawampu't anim na bansang kinabibilangan ng Austria, Belgium, Czech Republic, Denmark, Estonia, Finland, France, Germany, Greece, Hungary, Iceland, Italy, Latvia, Liechtenstein, Lithuania, Luxembourg, Malta, Netherlands, Norway, Poland, Portugal, Slovakia, Slovenia, Spain, Sweden at Switzerland (EC w.tn; Basilien-Gainche 2015).

12. Habang naglalakad sa Calle de Las Ramblas, Barcelona, hindi gumana ang aking waze kaya't napagdesisyunan naming magtanong sa mga serbedor ng isang restawran tungkol sa direksiyon. Mababakas sa kanilang mukha ang pagiging Pilipino. Sumagot ang isang serbedor sa wikang F/Pilipino. Ngunit nang hindi rin siya sigurado sa kanyang sagot, nagtanong siya sa kanyang kasamahang Pilipino. Nagtanong siya gamit ang wikang Catalan na hinahaluan/paghahalo ng wikang F/Pilipino.

## Etika ng Pananaliksik

Batid ng mga respondent mula sa Malaysia, Singapore, Cambodia, Brunei Darussalam, at Spain na magiging bahagi sila ng pananaliksik na ito. Bagama't mas pinili kong maging anonimo si Miss K.L. upang maproteksyunan ang pagiging kumpidensiyal ng kanyang buhay.

**SANGGUNIAN**

Abrahamse, D. “The End of Byzantium by Jonathan Harris.” *Church History* 81, blg. 2 (2012): 434-436.

Admin Cool Ben (ACB). “Brunei: The Richest Little Country You’ve Never Heard of.” *Association for Diplomatic Studies & Training.* 2015. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https://bit.ly/2NSQPlk.

Advincula-Lopez, L. “OFW Remittances, Community, Social and Personal Services and the Growth of Social Capital.” *Philippine Sociological Review* 53 (2005): 58-74.

Ahsan, U. at A. Kumpoh. “Diaspora Community in Brunei: Culture, Ethnicity and Integration.” *Diaspora Studies* 12, blg. 1 (2019): 14-33.

Alzona, R. “Spaniards have high regard for Filipinos living in their country.” *Business Mirror.* 20 Disyembre 2015. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3iux171.

Anicete, R.C. at M. Gumapos. Larangan sa Pag-aaral. Nasa *Sikolohiyang Panlipunan at Kalinangan: Panimulang Pagbabalangkas ng Isang Larangan,* ed. Z. Salazar, 203-272. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004.

Asistio, M. Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Tampines, Singapore. 2014, Nobyembre 3.

Avendaño, C. “Philippine envoy speaks proudly of 6k Filipinos in Cambodia.” *Global Nation Inquirer.Net*. 4 Abril 2012. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/2XiPFm1.

Ayub, Z.A., Z.M. Yusoff, H.A. Wahab, at M.H. Badarulzaman. *Discrimination Against Migrant Workers in Malaysia*. Research of School of Law, Universiti Utara, 2016.

Banerjee, S. Introduction: Routing Diasporas. Nasa *New Routes for Diaspora Studies*, eds. S. Banerjee, A. McGuinness, at S. McKay, 1-22. Indiana University Press, 2012.

Bansig, A.G. at D.M. Marco. *The Image of Overseas Filipino Workers (OFW) as Reflected in Philippine Children’s Literature: A Contextual Analysis.* The Asian Conference on Literature & Librarianship, 2015.

Basilien-Gainche, M.L. “The EU External Edges: Borders as Walls or Ways?” *Journal of Territorial and Maritime Studies* 2, blg. 1 (2015): 97-117.

Bernardo, A. Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Kep, Cambodia. 2017, Oktubre 21.

Boyarin, D. at J. Boyarin. “Diaspora: Generation & the Ground of Jewish Identity.” *Critical Inquiry* 19, blg. 4 (1993): 693-725.

Callo, K. “Story of ‘Racist’ Dictionary Entry Proves False: Philippines Flap, Smoke but no Fire.” *Los Angeles Times.* 20 Nobyembre 1988. Inakses noong Oktubre 25, 2018 sa lat.ms/32R8nT9.

Camagay, M.L. *Working Women of Manila in the 19th Century.* University of the Philippines Press at University of the Philippines Center for Women Studies, 1995.

Cayabyab, M.J. “Hong Kong textbook depicts Filipinos as ‘domestic helpers’.” *Global Nation Inquirer.Net.* 31 Mayo, 2014. Inakses noong Oktubre 25, 2018 sa https:/bit.ly/2Kq2zJO.

Chheang, V. *Tourism and Regional Integration in Southeast Asia.* Tokyo, Japan, 2013.

CNN Philippines Staff (CNNPS). “Over half a million OFWs displaced by COVID-19 repatriated — DOLE.” *CNN Philippines.* 4 Abril 2021. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3iwECBQ.

Constable, N. *Maid to Order in Hong Kong: Stories of Migrant Workers.* Cornell University Press, 1997.

Cruz-Lucero, R. “Ang Pitoy ni Hudas-Boso sa Isang Ritwal Bilang Diskurso.” *The Journal of History* 49, blg. 1-4 (2003).

Cruz-Lucero, R. “Judas and his Phallus: The Carnivalesque Narratives of Holy Week in Catholic Philippines.” *History and Anthropology*, 17, blg. 1 (2006): 39-56.

de Guzman, A. “Katas ng Saudi: The Work and Life Situation of the Filipino Contract Workers in Saudi Arabia.” *Philippine Social Sciences Review* 51, blg. 1-4 (1993): 1-56.

de Mesa, J. Kapag ang “Ganda” ang Pag-uusapan: Mungkahi Para sa Dulog at Paraan ng Mabathalang Pag-aaral. Nasa *Ang Maganda sa Teolohiya,* eds. J. de Mesa, E. Padilla, L. Lanaria, R. Cacho, Y. Cipriano, G. Capaque, at T. Gener, 1-21. Quezon City, Philippines: Claretian Communications Foundation, Inc., 2017.

Department of Foreign Affairs (DFA). “Distribution on Filipinos Overseas.” *Department of Foreign Affairs.* 2015. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3jyMD8V.

Department of Foreign Affairs (DFA). “PH Indigenous Cultures Promoted During National Heritage Month in Cambodia.” *Department of Foreign Affairs.* 2019. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3lLOud8.

Dreams Time (DT). “Map of the city districts of the Spanish capital of Madrid.” *Dreams Time.* w.tn. Inakses noong Mayo 3, 2021 sa https:/bit.ly/3xJ0uj9.

Elemia, C. “Parents, OWWA to visit OFW burned with boiling oil by Malaysian employer.” *Rappler Philippines-Indonesia.* 30 Setyembre 2017. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/32RBmpM.

Encinas-Franco, J. “Filipino Women Migrant Workers and Overseas Employment Policy: An Analysis From Women’s Rights Perspective.” *Asian Politics & Policy* 8, blg. 3 (2016): 494-501.

European Commission (EC). “The Schengen visa.” *European Commission.* w.tn. Inakses noong Setyembre 22, 2021 sa https://bit.ly/3nVS99w.

Fernandez, I., J. Muyot, A. Pangilinan, at N. Quijano. “A Hero’s Welcome? Repatriated Overseas Filipino Workers and COVID-19.” *The London School of Economics and Political Science.* 2020. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3fLm7rB.

Fillinger, T., N. Harrigan, S. Chok, A. Amirrudin, P. Meyer, M. Rajah, at D. Fordyce. *Labour Protection for the Vulnerable: An Evaluation of the Salary and Injury Claims System for Migrant Workers in Singapore.* Research Collection School of Social Sciences, 2017.

Gita, R.A. “OFWs hope for greater opportunities as Duterte set to visit Brunei.” *Sun Star Philippines.* 16 Oktubre 2016. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/2OhHaUk.

GMA News Online (GMANO). “Abused OFW in Malaysia reunited with her parents.” *GMA News Online.* 3 Oktubre 2017a. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/32T68ym.

GMA News Online (GMANO). “Kalagayan ng mga OFW sa Cambodia, tatalakayin sa Investigative Documentaries.” *GMA News Online.* 18 Enero 2017b. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/33Tgz6m.

Go Way (GW). “Classic Cambodia: Siem Reap, Phnom Penh & Kep.” *Go Way.* w.tn.

Inakses noong Mayo 3, 2021 sa https:/bit.ly/3gZbenB.

Hennebry, J., K. Williams, D. Parra, at R. Dalley. *Mis/Representations of Women Migrant Workers in the Media: A Critical Analysis.* United Nations Entity for Gender Equality and the Empowerment of Women, 2017.

Hilsdon, A. at B. Giridharan. "Racialised Sexualities: The Case of Filipina Migrant Workers in East Malaysia." *Gender, Place & Culture: A Journal of Feminist Geography* 15, blg. 6 (2008): 611-628.

Holliday, J. "Turning the Table on the Exploitative Recruitment of Migrant Workers: The Cambodian Experience." *Asian Journal of Social Science* 40, blg. 4 (2012): 464-485.

Hu-DeHart, E. "The Future of Diaspora in Diaspora Studies: Has the Word Run Its Course?" *Verge: Studies in Global Asias* 1, blg. 1 (2015): 38-44.

Industry News (IN). "Pasko ng Pinoy: OFW Christmas Gathering in Brunei." *Industry News.* 3 Disyembre 2010. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/32Kyr28.

Jungle Maps (JM). "Map of Kuala Lumpur and Selangor." *Jungle Maps Blogspot.* 28 Enero 2018. Inakses noong Mayo 3, 2021 sa https:/bit.ly/3eONBLK.

Kikuchi, K. "Filipina Migrant Workers on the Periphery." *U.S.-Japan Women's Journal* 16 (1999): 138-158.

Labao, H., E. Faller, at M.F. Bacayo. "Aches and Pains of Filipino Migrant Workers in Malaysia: A Profile of Work-Related Musculoskeletal Disorders." *Annals of Global Health* 84: (2018): 474-480.

Lamasan, O., dir. *Barcelona: A Love Untold.* ABS-CBN Film Productions, 2016.

Lan, P. "Maid or Madam? Filipina Migrant Workers and the Continuity of Domestic Labor." *Gender and Society* 17, blg. 2 (2003): 187-208.

Lara. "OFW Guide to Living and Working in Singapore." *Balikbayad.ph.* 2018a. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/353ZJ52.

Lara. "OFW Guide to Living and Working in Spain." *Balikbayad.ph.* 2018b. Inakses noong Agosto 1, 2019 sa https:/bit.ly/2QnKQXi.

Law, L. at K. Nadeau. "Globalization, Migration and Class Struggles: NGO Mobilization for Domestic Workers." *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies* 14, blg. 1-2 (1999): 51-68.

Lukasiewicz, A. "Migration and Gender Identity in the Rural Philippines: Households with Farming Wives and Migrant Husbands." *Critical Asian Studies* 43, blg. 4 (2011): 577-593.

Mani, A. "Migrant Workers in Brunei Darussalam." *Philippine Sociological Review* 44, blg. 1/4 (1996): 194-209.

Martinez, R. Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Madrid, Spain. 2018, Disyembre 7/8.

Miles, L., S. Lewis, L. Teng, at S.M. Yasin. "Advocacy for Women Migrant Workers in Malaysia Through an Intersectionality Lens." *Journal of Industrial Relations* (2019): 1-22.

Miss K.L. Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Kuala Lumpur, Malaysia. 2014, Nobyembre 1.

Mohammad, K. "Sakit ng Nakaraan, Ramdam sa Kasalukuyan: Pangangayaw sa Kasaysayan at Pakahulugan ng mga Tausug." *Saliksik E-Journal* 6, blg. 2 (2017): 233-271.

Molina, C. "Filipino Migrants in Spain." *Philippine Studies* 40, blg. 1 (1992): 99-110.

Moratilla, N.C. Kontra-Diskurso: Testimonal Narratives of Filipino Workers (1986-2012). Disertasyon. Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, 2015.

Moratilla, N.C. Lektura sa PS 202 (*Theories and Perspectives in Philippine Studies*). Asian Center, University of the Philippines Diliman. 2018, Oktubre 9.

Nabil, S., H. Husaini, H. Hamzah, at J. Lee. *Filipino Migrant Workers in Singapore: A Case Study of Lucky Plaza.* Qualitative Social Research, w.tn.

Navarro, A. at C. Tatel. "Sa Labas ng mga Bahay/Pinagtatrabahuhan: Mga Espasyo ng mga Migranteng Pinoy sa Urbanisadong Landskeyp ng Singapore, Lalo na sa Lucky Plaza Mall." *Dalumat E-Journal* 3, blg. 2 (2012): 126-140.

Nawal, A. "Most women OFWs in Malaysia in 'vulnerable occupations'- attache." *Global Nation Inquirer.net.* 9 Nobyembre, 2016. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/2XkTWp8.

OFW sa Easybox Home Stay (OFWEHS). Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Gadong, Brunei Darussalam. 2016, Setyembre 2.

Owen, N. "Maria Clara and the Market: Women and Change in the 19th Century Philippines." *Asian Studies* 36 (2000): 24-60.

Pasadilla, G. Social Security and Labor Migration in ASEAN. *ADB Research Policy Brief* 34, 2011.

Paul, A.M. "Unequal Networks: Comparing the Pre-Migration Overseas Networks of Indonesian and Filipino Migrant Domestic Workers." *Global Networks* 19, blg. 1 (2018): 44-65.

Pe-Pua, R. Asawa, Ina, at Katulong: Ang Tatluhang Papel ng mga Domestikong Manggagawang Pilipina sa España at Italya. Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapaligiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan,* eds. A. Navarro, M.J. Rodriguez-Tatel, at V. Villan, 351-379. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2015.

Perdon, R. *Connecting Two Cultures: Australia and the Philippines*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2014.

Philippine Overseas Employment Administration (POEA). "Philippine Overseas Employment Administration Deployed Overseas Filipino Workers by Country/Destination (Total) 2016 vs 2015." *Philippine Overseas Employment Administration.* 2016. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3lLQemO.

Philippine Statistics Authority (PSA). "Statistical Tables on Overseas Filipino Workers (OFW): 2014." *Philippine Statistics Authority.* 2015. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/2X9lP7D.

Philippine Statistics Authority (PSA). "2017 Survey on Overseas Filipinos (Results from the 2017 Survey on Overseas Filipinos)." *Philippine Statistics Authority.* 2018. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3lF34Dg.

Philippine Statistics Authority (PSA). "Total Number of OFWs Estimated at 2.2 Million." *Philippine Statistics Authority.* 2020. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/3s4bIfu.

Pingol, A. "Ilocano Masculinities." *Asian Studies* 36, blg. 1 (2000): 123-134.

Reincke, N. "It Takes a Global Village to Raise a Consciousness: A Stretch of the Imagination." *Frontiers: A Journal of Women Studies* 18, blg. 1 (1997): 1-17.

Rig Zone (RG). "Featured Employer: Brunei Shell Petroleum Co Sdn Bhd (BSP)." *Rig Zone.* w.tn. Inakses noong Agosto 1, 2019 sa https:/bit.ly/2KumdEC.

Safran, W. "The Jewish Diaspora in a Comparative and Theoretical Perspective." *Israel Studies* 1, blg. 1 (2005): 36-60.

Salazar, Z. Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Escaler, Quezon City. 2018, Hulyo 31.

Salazar-Parreñas, R. "Migrant Filipina Domestic Workers and the International Division of Reproductive Labor." *Gender and Society* 14, blg. 4 (2000): 560-580.

San Juan, E. "Overseas Filipino Workers: The Making of an Asian-Pacific Diaspora." *The Global South* 3, blg. 2 (2009): 99-129.

Schiller, N.G., L. Basch, at C. Blanc-Szanton. Transnationalism: A New Analytic Framework for Understanding Migration. Nasa *Toward a Transnational Perspective on Migration,* eds. N.G. Schiller, L. Basch, at C. Blanc-Szanton, 1-24. Academy of Sciences, 1992.

Senate of the Philippines (SOTP). "Effect of COVID-19 Pandemic on OFW Deployment and Remittances." *Senate of the Philippines.* 2021. Inakses noong Agosto 9, 2021 sa https://bit.ly/37qRqmX.

Sevcenko, I. "The Decline of Byzantium Seen Through the Eyes of its Intellectuals." *Dumbaton Oaks Papers* 15 (1961): 167-186.

Sevilla, H. "Nationalization Scheme (Nitaqat) in Saudi Arabia and the Condition of Filipino Migrant Workers." *Journal of Identity and Migration Studies* 8, blg. 2 (2014): 7-23.

Sibal, H.T. at S. Foo. "A Study on the Information Seeking Behavior of Singapore-Based Filipino Domestic Helpers." *Information Development* 31, blg. 5 (2016): 1570-1584.

Singapore OFW (SOFW). "Top 5 Reasons Why Filipinos Want to Work in Singapore." *Singapore OFW.* w.tn. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/3583SVK.

Sok Udom, D. *Labor Migration in the Greater Mekong Sub-Region: The Case of Cambodian Migrant Workers in Thailand*, 2019.

Soon-Beng, C. at R. Chew. "Immigration and Foreign Labor in Singapore." *ASEAN Economic Bulletin* 12, blg. 2 (1995): 191-200.

Spitzer, D. at N. Piper. "Retrenched and Returned: Filipino Migrant Workers During Times of Crisis." *Sociology* 48, blg. 5 (2014): 1007-1023.

Tagliacozzo, E. *Secret Trades, Porous Borders: Smuggling and States Along a Southeast Asia Frontier, 1865-1915.* National University of Singapore Press at Yale University Press, 2007.

Talampas, R. "Ang Migranteng Manggagawang Pilipino sa Harap ng Salamin." *Philippine Social Sciences Review* (1999)*:* 57-64.

Tapales, R. Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Kuala Lumpur*,* Malaysia. 2014, Nobyembre 2.

Thambipillai, P. "Brunei: Making Progress Slowly." *Southeast Asian Affairs* (2012): 89-100.

The Asia Foundation (TAF). *Cambodia's Labor Migration: Analysis of the Legal Framework.* Phnom Penh, Cambodia, 2011.

The Tapestry (TT). "Tampines North." *The Tapestry.* w.tn. Inakses noong Mayo 3, 2021 sa https:/bit.ly/3tgN1vi.

Tigno, J. "New Issues and Old Struggles: The Evolving Rights of Filipino Overseas Migrants." *Philippine Social Sciences Review* (1986): 139-167.

Torres, S.A. "Thousands of jobs await Pinoy professionals in Singapore: PH envoy." *ABSCBN News.* 21 Setyembre 2017. Inakses noong Oktubre 23, 2018 sa https:/bit.ly/2OfyWMp.

Tugano, A.C. Kasaysayan ng mga Ilustrados at ang Gampanin sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kamalayang Pilipino. Manuskrito. Department of History, Polytechnic University of the Philippines, 2015.

Tugano, A.C. “Ang Kababaihan ng Katipunan, Ang Katipunan sa Kababaihan: Isang Diskurso sa Ambag ng mga Babae sa Himagsikang Pilipino.” *Saliksik E-Journal* 6, blg. 2 (2017): 97-154.

Tugano, A.C. “Panimulang Pagbabalangkas sa Ugnayan/Pagkaka-ugnay ng Panlasang Kapilipinuhan sa mga Piling Pagkaing Natikman sa Ibayong Dagat ng Timog Silangang Asya.” *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 4, blg. 1 (2021): 1-45.

Villan, V. Pintados: Mga Hukbong Bisaya sa Armadong Hukbong Ekspedisyonaryong Espanyol sa Kapuluang Pilipinas, 1565-1898. Disertasyon. History, University of the Philippines Diliman, 2009.

Walsh, J. at M. Ty. “Cambodian Migrants in Thailand: Working Conditions and Issues.” *Asian Social Science* 7, blg. 7 (2011): 23-29.

Wang, C., C. Chung, J. Hwang at C. Ning. “The Foreign Domestic Workers in Singapore, Hong Kong, and Taiwan: Should Minimum Wage Apply to Foreign Domestic Workers?” *The Chinese Economy* 51, blg. 2 (2018): 154-174.

Wikipedia. “Mukims of Brunei-Muara district.” *Wikipedia.* 2006. Inakses noong Mayo 3, 2021 sa https:/bit.ly/3aWzKlC.

Ybiernas, V.A. “Ang ASEAN at ang Pagtatanggol sa, at Pagtataguyod ng Karapatan ng mga Migranteng Manggagawa.” *Saliksik E-Journal* 4, blg. 2 (2015): 89-115.

Yeoh, B. at S. Huang. “Negotiating Public Space: Strategies and Styles of Migrant Female Domestic Workers in Singapore.” *Urban Studies* 35, blg. 3 (1998): 583-602.

Yu, X. “The Sociocultural Effects of Returnee Overseas Filipino Workers in the Philippines.” *Norsk Geografisk Tidsskrift–Norwegian Journal of Geography* 69, blg. 1 (2015): 47-58.

Yussef. Personal na Komunikasyon ni A.C. Tugano sa Gadong, Brunei Darussalam. 2016, Setyembre 6.

**Bionote**

Kasalukuyang Guro ng Kasaysayan sa Division of History, University of the Philippines Los Baños, Laguna si **Axle Christien Tugano**. Tinatapos niya ang digring MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag na siya ng mga artikulo sa mga dyornal sa Ateneo de Manila University, De La Salle University, University of Santo Tomas, at University of the Philippines Diliman. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay pumapaksa sa kasaysayang kolonyal ng Pilipinas, ugnayan ng Pilipinas at ibayong dagat, araling diaspora, at lokal na kasaysayan.